Advisory Blg. 016, s. 2020
Enero 30, 2020
Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
ang *Advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan
*(Visit www.deped.gov.ph)*

PALABATIRAN 2020: PAMBANSANG CONFERENCE-WORKSHOP

Ang Kagawaran ng Filipino, Paaralang Humanidades, Mga Paaralang Loyola ng Pamantasan ng Ateneo de Manila, ay magdaraos ng Palabatiran 2020: Pambansang Conference-Workshop na may temang, Mga Napapanahong Dulog sa Pagtuturo ng Panitikan, Pagsasalin, at Pananaliksik-Kultura, mula Mayo 11 hanggang 14, 2020 sa CTC 413-414, Pamantasang Ateneo de Manila, Loyola Heights, Lungsod Quezon.

Ang layunin ng seminar-worksyap ay ang mga sumusunod:

1. malaman at masuri ang mga usaping kaugnay ng pagtuturo ng panitikan kabilang na ang mga suliranin at napapanahong hamon at kinahaharap nito;
2. maunawaan at mapahalagahan ang papel ng panitikan sa pagkatuto at pagkahubog ng kamalayan ng mga mag-aaral/mambabasa, gayundin ang papel ng mga guro rito;
3. maitawid ang mga pagsusuri at estratehiya ng pagtuturo ng mga anyong pampanitikan sa iba't ibang panig ng bansa at iba pang karatig-bansa nang may pagtutuon din sa pagpapalawak ng kaalamang heyograpikal, sosyolohikal, ekonomikal, at kultural;
4. maisa-isa at mailapat ang mga estratehiya sa pagtuturo ng panitikan, kasabay ng pagbibigay-diin sa mga kalakasan at kahinaan ng mga ito;
5. maisapraktika ang gawain ng pagsasalin sa loob ng pagtuturo;
6. maunawaan ang halaga ng pagsasalin bilang may sarili rin niyang diskurso;
7. makilala ang *diversity* sa pagsasalin;
8. maunawaan ang halaga ng pananaliksik-kultura sa pagtuturo; at
9. magamit ang mga metodo ng pananaliksik-kultura sa pagpapayaman ng pagtuturo.

Ang mga inaasahang dadalo sa seminar-worksyap ay ang mga guro sa Filipino mula Baitang 1 hanggang 12 at mga instruktor at propesor sa kolehiyo na nagtuturo ng Filipino, publiko man o pribado, kabilang ang mga mag-aaral at iskolar sa ibang larangan (palimbagan, guro sa ibang asignatura/disiplina), bukod sa mga matatanggap na maglalahad ng kanilang papel.

Ang pagpapatala/rehistrasyon ay magsisimula sa Pebrero 15, 2020 gamit ang *Google Form* sa https://tinyurl.com/Pambansang Kumperensiya.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan kina:


- Andrea Anne I. Trinidad
  Kagawaran ng Filipino
  Paaralang Humanidades
  Mga Paaralang Loyola
  Pamantasan ng Ateneo de Manila
  Loyola Heights, Lungsod Quezon
  Telepono: (02) 8426-6001 local 5320
  Email: atrinidad@ateneo.edu

- Jomar I. Empaynado
  Email: jempaynado@ateneo.edu